# O Allāh, walang pamumuhay kundi ang pamumuhay sa Kabilang-buhay. Kaya magpatawad Ka sa mga tagaadya at mga tagalikas."}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "O Allāh, walang pamumuhay kundi ang pamumuhay sa Kabilang-buhay. Kaya magpatawad Ka sa mga tagaadya at mga tagalikas."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang tunay na pamumuhay kundi ang pamumuhay sa Kabilang-buhay sa kaluguran ni Allāh, awa Niya, at Paraiso Niya dahil ang pamumuhay sa Mundo ay naglalaho at ang pamumuhay sa Kabilang-buhay ay ang mamamalaging mananatili. Pagkatapos dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng kapatawaran, pagpaparangal, at kaayusan para sa mga Tagaadya na nagpatuloy sa kanya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at mga Tagalikas, nag-adya sa kanila, at nakihati sa kanila ng mga ari-arian ng mga ito. Dumalangin din siya para sa mga Tagalikas na nag-iwan ng mga tahanan nila habang naghahangad ng kabutihang-loob mula kay Allāh at pagkalugod.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee